

Babala Laban sa Katamaran

Pangunahing Talata: "Ipinakita ko sa inyo ang lahat ng bagay, kung paanong sa paggawa ng ganito ay nararapat ninyong suportahan ang mga mahihina, at alalahanin ang mga salita ng Panginoong Jesus, kung paanong sinabi niya, Mas mapalad ang magbigay kaysa tumanggap." Gawa 20:35

***Piniling mga Kasulatan:
Gawa 20:33-35; 2 Tesalonica 3:6-12***

Dumating si Apostol Pablo sa Mileto, isang daungan, malapit nang matapos ang kanyang ikatlong misionaryong paglalakbay. Habang hinihintay ang barko na umalis, nagpadala siya ng mensahe sa mga nakatatanda sa kalapit na lungsod ng Efeso, na nagtatanong kung maaari silang dumating at makipagkita sa kanya. Ito na ang huling pagkakataon na makita sila ni Pablo.

Pagkarating ng mga nakatatanda, inisa-isa ni Pablo ang "uri ng pamumuhay na aking pinagdaanan sa inyo sa buong panahon, na naglilingkod sa Panginoon nang buong kababaang-loob, at kasabay ng luha, at sa gitna ng mga pagsubok." Sinabi niya, "Hindi ako kailanman nag-atubili ... na magturo sa inyo sa publiko at sa inyong mga tahanan at hikayatin ang mga Hudyo at mga Griego sa pangangailangang lumingon sa Diyos at maniwala sa ating Panginoong Jesus." Mga Gawa 20:18-21

Hinimok ni Pablo ang mga matatanda, "Magbantay kayo sa inyong sarili at sa buong kawan" at "gumawa

bilang mga pastol ng Simbahan ng Diyos." (Gawa 20:28). Dito itinuro ni Pablo kung paano ang mga nakatatanda ay may dobleng pananagutan, para sa kanilang sarili at para sa mga kapatid, na ang Panginoon ay ginawang mga katiwala. "Mag-ingat kayo," ibig sabihin, mag-ingat at suriin hindi lamang ang inyong ginagawa, kundi pati na rin ang inyong mga motibo.

Pagkatapos ay pinaalalahanan sila ni Pablo, "Hindi ko inasam ang pilak o ginto o kasuotan ng sinuman. Alam ninyo mismo na ang mga kamay na ito ay naglaan para sa aking sariling pangangailangan at sa mga kasama ko." (Mga Gawa 20:33,34). Si Pablo ay isang "gumagawa ng tolda" bilang hanapbuhay at nagpatotoo na siya ay nagtrabaho "gabi't araw, sapagkat ayaw naming maging pabigat sa alinman sa inyo," upang matustusan ang kanyang sariling pangangailangan sa buhay, habang ipinangangaral at itinuturo ang Ebanghelyo sa iba. Gawa 18:3, 1 Tesalonica 2:9; 2 Tesalonica 3:8; 1 Corinto 4:12

Sa pagsipi sa ating Pangunahing Talata mula sa ibang salin, pinagtibay ni Pablo ang kanyang pananalita, "Sa lahat ng bagay ay ipinakita ko sa inyo na sa pamamagitan ng paggawa gaya ng ginagawa ko, dapat ninyong tulungan ang mga mahihina, at alalahanin ang mga salita ng Panginoong Jesus, kung paanong Siya Mismo ay nagsabi, Mas mapalad ang magbigay kaysa tumanggap." Maraming pagkakataon para sa bawat isa sa atin na maging bukas-palad sa iba, kahit na wala tayong perang maibibigay. Ang pagpapakita ng pakikiramay, paghihikayat, o simpleng mabait na tingin ay minsan mas mahalaga sa isang taong

nawawalan ng pag-asa kaysa sa isang dakot na ginto.

Ang pagiging "tagapagbigay" ay nangangahulugang mas iniisip ang iba at ang kanilang mga pangangailangan, at hindi ang sarili. Ang pagiging "tamad" ay kabaligtaran ng pagiging tagapagbigay, at ito ay isang anyo ng makasarili, na maaaring magdulot ng espirituwal na kahinaan. (1 Timoteo 5:13). Matapang na nagsalita si Pablo laban sa mga kapatid na nagsasanay ng katamaran, na nagsasabing, "kung sino ang ayaw magobra, huwag ding kumain," at nagpaalala na "sa katiwasayan sila magobra, at kumain ng kanilang sariling tinapay." 2 Tesalonica 3:7-12

Isang mahalagang elemento ng masayang buhay Kristiyano ay ang paglinang ng sining ng pagbibigay, "mula sa puso," sa iba. "Sapagkat minamahal ng Diyos ang masayang tagapagbigay." (Exodo 25:2; 2 Corinto 9:7). Sa paggawa nito, mas nagiging katulad tayo ng Diyos, dahil ang Diyos ang pinakadakilang tagapagbigay. "Ibinigay niya ang kaniyang nag-iisang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kaniya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan ... upang ang mundo sa pamamagitan niya ay maligtas." Santiago 1:17; Juan 3:16,17